Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ang Pilipinong Mag-anak

Basahin ang sinasabi ng mga magulang ng mag-anak. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.



Ako si Ginoong Gabriel Santos. Ako ang magulang na lalaki. Ako ang **tatay**. Minsan ay **itay**, **ama**, o **papa** ang tawag sa akin. Si Gina ang **asawa** ko.

Gabriel

Ako si Ginang Gina Santos. Ako ang magulang na babae. Ako ang **nanay**. Minsan ay **inay**, **ina**, o **mama** ang tawag sa akin.

Gina

Sino ang tatay mo? _____

Ano ang tawag mo sa tatay mo? _____

Sino ang nanay mo? _____

Ano ang tawag mo sa nanay mo? _____

© 2013 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ang Pilipinong Mag-anak

Basahin ang mga tawag ng magkakapatid sa isa't isa. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Ako si Angelo. Ako ang **panganay** dahil ako ang unang anak. Ang tawag sa akin ng aking mga kapatid ay **Kuya Angelo**.

Angelo

Ako si Anna. Ako ang pangalawang anak. Ang tawag sa akin ng aking mga nakababatang kapatid ay **Ate Anna**.

Anna



Ako si Luis. Ako ang pangatlong anak. Ang tawag sa akin ng aking mga nakababatang kapatid ay **Diko** o **Kuya Luis**.

Luis

Ako si Bea. Ako ang pang-apat na anak. Ang tawag sa akin ng bunso namin ay **Ditse** o **Ate Bea.**

Bea

Isabel

Ito ay si Isabel. Siya ang **bunso** ng mag-anak dahil siya ang pinakabatang anak.

May mga kapatid ka ba? _____

Kung oo, ilan kayong magkakapatid? _____

Ano ang tawag mo sa kanila? _____

© 2013 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ang Pilipinong Mag-anak

Basahin ang sinasabi ng ibang kasapi ng mag-anak. Sagutin ang tanong sa ibaba.

Ako si Grace Santos-Garcia. Magkapatid kami ni Gabriel Santos. Ako ang **tita** nila Angelo, Anna, Luis, Bea, at Isabel. Sila ay mga **pamangkin** ko.

Ako si Joseph Garcia. Si Grace ang **asawa** ko. Ako ang **tito** nila Angelo, Anna, Luis, Bea, at Isabel. Sila ay mga **pamangkin** ko rin.

Kami ang anak nina Joseph at Grace. Ang mga pangalan namin ay Mateo at Martin Garcia. **Kambal** kami! Kami ang mga **pinsan** nina Angelo, Anna, Luis, Bea, at Isabel. Pinsan din namin sila dahil magkapatid ang nanay namin at tatay nila. Kamag-anak din namin sina Tito Gabriel, Tita Gina, Lolo Berting, at Lola Auring.



Sinu-sino ang mga tito, tita, at pinsan mo? _____

_____

_____

© 2013 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Ang Pilipinong Mag-anak

Basahin ang sinasabi ng lolo at lola ng mag-anak. Sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Ito ay sina Ginoong Alberto Santos at Ginang Aurora Santos.



Kami ang mga magulang nina Gabriel Santos at Grace Santos-Garcia.

Kami ang **lolo** at **lola** nina Angelo, Anna, Luis, Bea, at Isabel. Kami rin ang lolo at lola nina Mateo at Martin. Sila ang aming mga **apo**.

Ang tawag nila sa amin ay Lolo Berting at Lola Auring.

Ano ang mga pangalan ng mga lolo mo?_____

_____

Ano ang tawag mo sa kanila? _____

Ano ang mga pangalan ng mga lola mo?_____

_____

Ano ang tawag mo sa kanila? _____

© 2013 Pia Noche